AKILING REVIEW
AN INTERNATIONAL JOURNAL OF HUMANITIES
VOLUME 1 NO. 1 2022

# Wika at Pasismo: Politika ng Wika at Araling Wika sa Panahon ng Diktadura ni Gonzalo A. Campoamor II

REBYU

Mariyel Hiyas Liwanag
University of the Philippines Los Baños
mcliwanag@up.edu.ph

Ngayong ika-50 taon ng paggunita ng bansa sa deklarasyon ng diktadura ng administrasyon ng dating Ferdinand E. Marcos, Sr. at madilim na yugto ng kasaysayan ng bansa, napapanahon ang pagbasa ng mga pananaliksik at libro hinggil sa katotohanan noong panahong Batas Militar. Sa gitna ng disimpormasyon na pinalalaganap ng iilan na mayroong makauring interes, nararapat lamang na patingkarin ang mga akdang tangan ang kasaysayang tila umuulit sa kasalukuyan magmula sa krisis ekonomya hanggang sa wika bilang instrumento ng pagpapanatili ng kalagayan ng mga Pilipino at ang pagpapanaig ng interes sa kapakinabangan ng iilan.

Unang inilimbag ng Sentro ng Wikang Filipino ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman ang *Wika at Pasismo: Politika ng Wika at Araling Wika sa Panahon ng Diktadura* ni Gonzalo A. Campoamor II noong 2018 at lumaon ay ipinabilang sa proyektong Aklatang Bayan na naglalathala ng mga elektronikong pananaliksik at panitikan sa diwa ng bukas na risors pang-edukasyon. Malaking ambag na napabilang ang pananaliksik ni Campoamor sa kilusan ng bukás na risors pang-edukasyon dahil mas naging aksesible ang lathalain para sa mga Pilipino at libreng mababasa ng mga taong mayroong internet, lalo pa at sa espasyong cyber naging talamak

ang disimpormasyon na may layong burahin ang mga tunay na pangyayari sa panahon ng Batas Militar.

Isinalaysay ni Campoamor sa libro ang mga tunguhin ng araling wika bilang isang disiplina, ang lente ng pagsusuri na akma para sa piniling milieu, at ang materyal na batayan sa likod ng politika ng wika sa panahon ng diktadura. Sa unang bahagi ng libro, masinsing tinalakay ang mga sanga-sangang tunguhin ng araling wika magmula dekada ‘60. Makatutulong ang unang tatlong bahagi ng libro para sa sinumang nagsisimula sa araling wika. Una, ang pagpili na isulat ang paksang ito sa wikang Filipino ay isang malaking bentahe para sa mga Pilipinong nais magkaroon ng pagbubuod sa mga teorya at kaisipan sa araling wika na ginagamit ng mga Pilipinong mananaliksik sa wika, mula sa lenteng estruktural tungong diskursibo, kabilang na rito ang Marxistang Pilosopiya. Ikalawa, masinsin na ipinaliwanag ni Campoamor ang lenteng Marxismo sa pagsusuri ng wika sa panahon ng diktadura, kung papaano magagamit ang usapin ng kontradiksyon at tunggalian ng mga uri mula sa diyalektikong materyalismo ng mga lathalaing Marxista sa pagsusuri ng wika. Mahusay niyang binigyan ng mga halimbawa kung papaano ito mailalapat hindi lamang sa iba pang mga disiplina sa agham, kundi maging sa wika, partikular sa panahon ng Batas Militar.

Sa pagtalakay ni Campoamor ng kaisipang repleksyon at repraksyon ng wika na naka-angkla sa orihinal na ideya ni Volosinov at ng kontra-hegemonya sa wika, parehong umuugat sa Marxistang Pilosopiya bilang gabay na teorya sa pagsusuri ng wika, tuluyan niyang pinabulaan ang mga argumentong hindi siyentipiko at isang passe na teorya ang Marxistang Pilosopiya. Bagkus, ipinaliwanag niya nang mahusay at malinaw sa akda na nakabatay ang pagiging siyentipiko ng teoryang ito, isa sa mga pamantayan ng pag-aaral ng wika. Bagaman mayroon siyang pasintabi na hindi niya ito itinuturing na isang teorya sa wika kundi bahagi lamang ng panlipunang teorya, makikita ng isang mag-aaral ng wika ang bentahe ng kanyang pundasyon para sa pagsusuri, isang malaking ambag para sa pag-aaral ng politika sa wika na magkaroon ng isang pundasyon na nakabatay sa siyentipikong mga pag-aaral at naka-ugat sa kalagayan ng bansa. Inilahad niya ang kakayanan ng wika na salaminin (repleksiyon)

ang politika at ekonomya, gayundin ang kakayanan ng iilan na ibaling ang wika (repraksiyon) para sa interes nitong makauri na panatilihin sa kapangyarihan ang kanilang grupo. Pinalawig niya ang ideyang ito sa pamamagitan ng pagbubuod sa kasaysayan ng bansa sa lente nito. Nakatulong ang mga footnote sa bahaging ito para magkaroon ng konteksto at dagdag impormasyon ang mambabasa hinggil sa mga paksa lalo na para sa isang nagsisimula sa araling wika at sa Marxistang Pilosopiya.

Marami nang mga lathalain hinggil sa panahon ng Batas Militar ngunit natatanging ang akda ni Campoamor ang tumalakay nang may tuon sa wika sa piling panahon. Hinimay sa librong ito kung paano ginamit ng Diktaturyang Marcos ang wika para sa makauring interes. Kamangha-mangha kung paano isiniwalat ni Campoamor sa kanyang pananaliksik ang paggamit ni Marcos ng salitang "tadhana" na malapit sa paniniwalang metapisikal ng mga Pilipino para ipangatwiran ang kanyang pagtakbo at paglihis sa luma at tradisyunal na nosyon ng mahirap-naging-mayamang naratibo na ipinamayagpag ng kanyang katunggaling si Macapagal at mga lumang politiko. Tulad nga ng sinabi ni Campoamor, "mas pinili nilang gamitin ang tadhana bilang terminong makasasapat sa makauring tunguhin nila." Sa yugtong ito pa lamang ng akda, masinsin na ipinaliwanag ng may-akda ang kabuuang estratehiya ni Marcos para ipagwagi ang kandidatura sa pagkapangulo. Nakamamangha ang suri hinggil sa kung paano ginamit ni Marcos noon ang salitang tadhana para likhain ang imahen na tila isang tagapagligtas at itinakda siya ng kapalaran sa isang posisyon, bitbit ang pangakong i-aahon sa kahirapan ang mga Pilipino. Sa ganitong uri ng suri, binibigyan ang mga mambabasa ng halimbawa kung paano dapat kritikal na suriin ang mga salita at imahen na ginagamit ng mga politiko lalo na sa panahon ng eleksyon.

Hindi natapos sa panahon ng eleksyon ang paggamit ng Marcos sa wika at makauring signipikasyon para lumikha ng mapanlinlang na imahen sa gitna ng krisis. Tinalakay rin ni Campoamor ang edifice complex ng Rehimeng Marcos at ang pagkahumaling sa imprastruktura kasabay ng paglilimita sa mga imprenta at paglalathala sa midya ng mga balitang paborable sa administrasyon sa panahong ito sa kabila ng pasismo. Tinalakay sa

akda ang gampanin ng asawa ni Marcos na si Imelda Marcos para tiyaking nakasandig ang imahen ng pamahalaan noon sa pormularyong "maganda ang maputi" at "mabuti ang palabas" na dalawa sa apat na pormularyong nakatatak sa mga Pilipino. Tinalakay rin sa akda ang mapanlinlang na mga estratehiya ng Rehimeng Marcos na hindi naman talaga makamamamayan kundi maka-Estados Unidos batay sa mga batas na ipinanukala at mga gawi ng administrasyon sa harap ng mga Amerikanong administrador. Sa gitna ng krisis na kinahaharap ng mga Pilipino noong panahon na iyon, isiniwalat rin sa akda kung papaano ibinali ang makauring gamit ng wika bilang bahagi ng pasismo ng rehimen mula sa mga libro hanggang slogan at pangalan ng mga proyektong tumatakip at kabaligtaran sa realidad.

Malaki rin ang ambag ng akda para payamanin ang mga pananaliksik hinggil sa pasismo. Habang lumalakas ang mga kilusan laban sa pasistang rehimen at dumarami ang mga kilos-protesta dahil sa krisis na dinaranas noon ng mga Pilipino tulad ng hindi makaagapay na sahod sa pagtaas ng mga presyo ng mga bilihin, lumolobong populasyon ng mahihirap at lubog sa utang na bansa, hinimay sa akda ang imaheng nais ipinta ng Rehimeng Marcos sa panahong iyon: disiplina sa anyo ng Bagong Lipunan. Sang-ayon ako sa suri ng may-akda hinggil rito dahil ipinamumutawi ng imaheng ito na tila disiplina ang kulang sa mga Pilipino kung kaya at naroroon ang bansa sa krisis noon at ikinukubli ang kapalpakan ng administrasyon na i-ahon ang bansa mula sa mga isyung kinahaharap ng mga mamamayan sa panahong iyon.

Hinimay rin sa akda kung paano kinasangkapan ng Rehimeng Marcos ang wika para isulong ang pasistang pamumuno nito o ang karahasan upang supilin ang mga kritiko at oposisyon ng diktaturyang pamamahala nito. Tinalakay sa libro ang usapin kung papaano binansagang *komunista* ng Rehimeng Marcos ang mga estudyante at manggagawang lumahok ng mga kilos-protesta noong panahong iyon at minarkahang "prente ng mga gawaing makakaliwa" ang mga unibersidad at kolehiyo kasabay ng mga mararahas na aktibidad ng pamahalaan tulad ng pambubuwag ng mga mapayapang demonstrasyon at mga raid sa mga paaralan. Tinangka pa ng Rehimeng Marcos na baguhin ang kahulugan ng

salitang *rebolusyon* na nakasandig sa interes nitong panatilihin ang sitwasyon ng bansa at ang kapangyarihan ng kanyang uri.

Sa kabuuan, isang bentahe ng akdang ito ang masinsin na pagtalakay sa wika sa panahon ng Batas Militar. Katunayan, bilang bahagi ng pagiging obhetibo at pagsandig sa katotohanan ng akda ang paglahok nito sa mga lathalain at mga pahayag sa panahon ng Batas Militar. Makatutulong ang ganitong malalim at mabusising pananaliksik sa mga guro na nagtuturo ng wika. Malaki ang puwang na kinakailangang punan para sa mga risors panturo lalo na para sa disiplina ng Filipino at makabuluhan ang ambag ng lathalaing ito para sa isang matalas na suri at paninindigan na bitbit ng isang guro sa pagtuturo at pananaliksik sa araling wika.

Makabuluhang basahin ang akda ni Campoamor sa kasalukuyang kalagayan ng bansa. Sa pagbabalik-kapangyarihan ng pamilyang Marcos at sa laganap na disimpormasyon sa bayan, mahalaga na balikang muli ang tunay na pangyayari sa malagim na yugto ng ating kasaysayan. Sa pagbabasa ng kanyang akda, maaaring mahinuha ng isang mambabasa ang pagkakahawig ng panahon ng Batas Militar sa kasalukuyang konteksto ng paggamit sa wika para panatilihin ang iilan sa kapangyarihan — ang paggamit sa wika para ipinta ang isang imahen na kabaligtaran sa realidad ng nakaraan at nakakawing sa kasinungalingan, ang paggamit ng wika upang panatilihin ang ekonomya at pulitikang nakasandig sa iilang pamilya lamang habang lumulugmok sa kahirapan ang Pilipinas. Lalo na nitong nakaraang eleksyon na naging mga maigting na impluwensya ang disimpormasyon, mga troll at ang lawak na kayang abutin ng social media at vlogging sa gitna ng pandemya. Gayundin, hindi maikakaila at maiiwasan na ikumpara ang mga suri sa wika noong panahon ng Batas Militar sa wika ng mga nagdaan at kasalukuyang administrasyon, mula sa halimbawa nito na edifice complex ng diktaturyang Marcos at ang programang Build, Build, Build sa kasalukuyan, o ang paulit-ulit na naratibo na kulang sa disiplina ang mga Pilipino sa panahon ng Batas Militar at sa nagdaang pandemya upang ikubli ang pagkukulang ng mga administrasyong nanunungkulan, at ang patuloy na redtagging sa mga kritiko at oposisyon. Magkaiba ang panahon ngunit pareho ang estratehiyang ginamit — wika na

malapit sa masa ngunit makauring interes talaga ang sandigan at motibasyon.

## Akdang Sinuri

Campoamor, Gonzalo A. II. *Wika at Pasismo: Politika ng Wika at Araling Wika sa Panahon ng Diktadura*. Sentro ng Wikang Filipino, 2018.

**Bionote:**

Si Mariyel Hiyas Liwanag ay guro ng wika sa UP Los Baños. Nagtapos siya ng MA Linguistics sa UP Diliman at ngayon ay kumukuha ng Doktorado sa Araling Pilipino sa De La Salle University Manila.